





# LIKAS-WIKA

ni Celine Murillo

Forest Foundation Philippines
Let's grow together.









# LUNTIAN

ni Celine Murillo

‘**L**ika sa kagubatan, kapiling ang mga dahon,
**U**gat, lumot, at damo.
**N**agaantay ang mga kabute
sa palibot ng Tindalo.
**T**inatawag ka ng pagaspas ng pakpak
at ng hangin.
**I**pahinga mo na raw ang iyong diwa
sa Dao na may lilim
**A**t nang iyong maalala na ang lungti ay lunas,
ang pahinga ay likas.
**N**arito ang gubat,
ikinagagalak ang iyong pagbabalik.

Forest Foundation Philippines
Let's grow together.



# DAO

ni Celine Murillo

**D**ito sa iyong lilim, minsang namahinga
ang aming mga ninunong
naglalakad sa gubat.
**A**ng mga ugat ang haligi,
ang mga dahon ang bubong.
**O**, Paldao[1], pasilungin mo kaming muli!

[1] Another local name for *Dracontomelon dao*

Forest Foundation Philippines
Let's grow together.



# PAGASPAS

ni Celine Murillo

**P**umapalakpak at umiindak
ang mga dahon sa mga puno
**A**t kumukumpas naman
ang mga pares ng pakpak.
**G**anito ang palabas
kapag kumakanta ang hangin
**A**t kapag nagsidatingan ang Tariktik[1] at Siwit[2]
**S**umisitsit, sumisipol, at nagkakandirit
**P**akpak at dahon ay kumakampay
**A**wit at sayaw ng Tikarol,[3] at Gitgit[4]
**S**inasabayan ang samu't saring buhay.

[1]Hornbills of the genus *Penolopides* [2]Sunbirds [3]Kingfishers
[4]White-breasted Woodswallow (*Artamus leucorynchus*)

Forest Foundation Philippines
Let's grow together.



# BAHAGHARI

ni Celine Murillo

**B**ughaw ang kalangitan bago nagsidatingan
**A**ng mga ulap na may dalang ulan
**H**inahanap nila doon sa may guhit-tagpuan
**A**ng liwanag na nagpapatumpik-tumpik.
**G**umising ang mga kulay nang sila ay nagtagpo
**H**andog na palabas nitong tubig at ilaw.
**A**mbon, kislap, wisik, kutitap
**R**osas, kahel,
        dilaw, lungti.
                asul, tagum[1], at lila.
**I**ginagayak sa himpapawid.

[1] Sugbuanon for indigo

Forest Foundation Philippines
Let's grow together.



# TINDALO

ni Celine Murillo

**T**indig na makisig
**I**lapit ang bisig
**N**ang masilayan ang bunga at bulaklak.
**D**ahong tapat-tapat
**A**t kahoy na matatag,
**L**iwanag ay isayaw,
**O**, Balayong[1]!

[1] Another local name for *Afzelia rhomboidea*

Forest Foundation Philippines
Let's grow together.



# KABUTE

ni Celine Murillo

**K**ahapon ay umulan kaya nagsisulputan
**A**ng tumpok na tila maliliit na mga payong.
**B**asa at malilim kaya sila ay sumibol.
**U**musbong mula sa milya-milyang sinulid sa
ilalim ng lupa.
**T**ulay at bigkis ng mga ugat at mikrobyo –
**E**ngkwentrong nagtataguyod sa
magkakahabing buhay
sa
tela
ng
mundo.

Forest Foundation Philippines
Let's grow together.



# KAMUNING

ni Celine Murillo

**K**alaunan ay sisibol at mamumukadkad
**A**ng mga bulaklak na puti
**M**umunti, mayuyumi, at humahalimuyak
**U**usbong hanggang sa ika'y mapangiti.
**N**agniningning na dahon na maliliit at luntian,
**I**tsura'y puno o kaya'y palumpong.
**N**agsisilbing palamuti sa kalsada at bakuran,
**G**inhawa ang hatid sa maghapon.

Forest Foundation Philippines
Let's grow together.



# TALAMPAS

ni Celine Murillo

**T**uktok ng bundok na isang kapatagan.
**A**ng hangganan sa bawat panig ay matarik.
**L**awak at luwag, taas at patag,
**A**ng wangis ay tila isang hapag.
**M**esa ang isa pa nitong pangalan
**P**asyalan, pahingahan, pastulan, at taniman.
**A**nyong-lupang
**S**agana sa pakinabang.

Forest Foundation Philippines
Let's grow together.



# MALABOO

ni Celine Murillo

**M**ayroong isang buko sa lapag ng gubat
**A**ng nagaabang ng tamang panahon.
**L**aking-baging at misteryo
    ang pausbong na bulaklak
**A**ng talulot ay pula at dambuhala.
**B**isita'y hinahainan ng masangsang na amoy
**O**ras-oras mga insekto'y dumadapo.
**O**ras-oras namamangha ang mga tao.

Forest Foundation Philippines
Let's grow together.



# TAKIPSILIM

ni Celine Murillo

**T**atakpan ang araw
**A**t saka lalapit ang dilim
**K**asunod ng pagsabog ng mga kulay
**I**lalagak muna ang gintong ilaw
**P**aroon sa likod ng abot-tanaw
**S**umisilip paunti-unti ang natitirang liwanag
**I**ginigiit ang makulay na paalam
**L**ilitaw pagkatapos ang buwan at mga tala
**I**nihahayag ang pagsapit ng gabi
**M**aya-maya rin ay matatapos,
    maya-maya ay uulit muli.

Forest Foundation Philippines
Let's grow together.

**WATCH THE SHORTFILM**

Forest Foundation Philippines

Let's grow together.